Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

Nobyembre 20, 2025

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 575 s, 2025

**PAGSASAGAWA NG DAILY EARTHQUAKE DRILL SA MGA ELEMENTARYA AT SEKONDARYANG PAARALAN**

Sa mga: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pampurok
Punongguro sa Elementary at Sekondarya
Iba pang kinauukulan

1. Alinsunod sa DRF Memorandum -11052025-806 mula sa ating Gobernador Daniel R. Fernando na may pamagat na "Pagsasagawa ng Daily Earthquake Drill samga Elementarya at Sekondaryang Paaralan".

2. Kaugnay nito ang lahat ng pampublikong paaralan sa elementary at sekondarya ay inaasahang makikiisa sa alisunod sa nasabing panlalawigang kautusan.

3. Ang layunin ng nasabing gawain ay upang:

- maging pamilyar ang bawat isa sa ruta ng evacuation area o safe holding area ayon sa evacuation plan.
- maging pamilyar ang lahat sa "early warning signal" ng paaralan para sa lindol

4. Ang bawat punongguro ay dapat gumawa ng pagpaplano upang maisagawa ng ligtas ng walang naapektuhang oras ng klase ang nasabing gawain.

5. Ang lingguhang pinagsama- samang ulat ng bawat distrito ay maaring ipasa sa pamamagitan ng link na ito **bit.ly/DED-Bulacan2025** tuwing araw ng Huwebes sa ganap na ika 12:00 ng tanghali.

6. Hinihikayat din ang pagsusumite ng kopya ng nasabing ulat ang bawat Local DRRM Officer na namumuno sa inyong bayan.

Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF BULACAN

7. Kalakip ng memorandum na ito ay ang memorandum mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan.

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at nararapat nap ag-aksyon patungko memorandum na ito

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD**
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paralan
Nanunuparang Tagapamanihal ng mga Paaralan

**Address:** Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
**Website:** https://bulacandeped.com.ph
**Email:** bulacan@deped.gov.ph

(#12) 11-07-2025

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
LUNGSOD NG MALOLOS

PROVINCIAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL

Nobyembre 05, 2025

**MEMORANDUM : DRF – 11052025-006**

**PARA SA : MGA PUNONG LUNGSOD/BAYAN**
Lalawigan ng Bulacan

**PAKSA : PAGSASAGAWA NG *DAILY EARTHQUAKE DRILL* SA MGA ELEMENTARYA AT SEKONDARYANG PAARALAN**

---

Ang Pamahalaang Panlalawigan katuwang ang mga lungsod at bayan ay patuloy na pinaiigting ang paghahanda sa insidente ng lindol. Ito ay alinsunod sa *RA 10121 Section 2*: *Promotes disaster preparedness and risk reduction measures*. Gayundin, sa mga naganap na pagyanig sa iba't ibang bahagi ng bansa sa patuloy na paghahanda sa mga sakuna ay mahalagang makapagsagawa ng paunang mga hakbang upang mapangalagaan ang ating mga mamamayan tungo sa kaligtasan sa kaganapan ng lindol.

Kaugnay nito, ang lahat ng *LCEs* ay tinatagubilinan na ipatupad sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan sa lahat ng Elementarya at Sekondaryang Paaralan sa inyong nasasakupan ang pagsasagawa ng ***Earthquake Drill*** araw-araw habang sila ay nasa paaralan, partikular dito ang madalian at maayos na pag-alis sa loob ng silid-aralan papunta sa *safe area*. Ang nasabing *area* ay dapat tinukoy ng namamahala ng paaralan at alam ng bawat mag-aaral. Ito ay isasagawa matapos ang kanilang Panimulang Panalangin sa umaga o bago ang pagsasagawa ng pangkalahatang pag-awit ng Lupang Hinirang.

Ang inyong pakikiisa at kaukulang suporta ay lubhang mahalaga upang matiyak na ang ating mga paaralan ay may kahandaan sa naturang sakuna at ang mga mag-aaral at kawani ay maging ligtas.

Para sa inyong ganap na pakikiisa.

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

OFFICE OF THE CITY ADMINISTRATOR
RECEIVED
DATE: 11/07/25 TIME: 3:44
NAME:



GOB. DANIEL R. FERNANDO
BISE GOB. ALEX C. CASTRO
AT SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
"Sipag at Tapat na Paglilingkod sa Inyo."
NEW GENERATION OF PUBLIC SERVANTS
govdanielfernando vgalexcastro
www.bulacan.gov.ph